

Patakaran sa Paggamit ng ASSC Workers Voice (AWV)

Ipinagtitibay ng patakarang ito (tatawaging “Patakaran” mula rito) sa pagitan ng mga korporasyon o iba pang organisasyon (tatawaging “Korporasyon Atbp.” mula rito) na pumasok sa kontrata ng pag-install ng ASSC at AWV, at mga tagagamit (tatawaging “Tagagamit” mula rito) na itinakda ng Korporasyon atbp. upang ipagamit ang AWV, ang mga kondisyong nauugnay sa paggamit ng ASSC Workers (kasama ang Genba-Wise, ang smartphone application ng ASSC Workers Voice (tatawaging “Genba-Wise” mula rito)) (magkasamang tatawaging “AWV” mula rito) na inilalaan ng The Global Alliance for Sustainable Supply Chain, General Incorporated Association.

Artikulo 1 (Pagsang-ayon sa Patakaran)

1. Kinakailangang sundin ng Korporasyon Atbp. at Tagagamit ang Privacy Policy ng ASSC Workers Voice (AVW) at mga tuntunin ng Patakaran sa paggamit ng AWV.
2. Kung menor-de-edad ang Tagagamit, mangyaring gamitin ang AWV matapos kunin ang pagsang-ayon (kasama ang pagsang-ayon sa Patakaran) ng kanyang legal na kinatawan tulad ng taong may awtoridad ng magulang. Bukod dito, sa oras na sumang-ayon sa Patakaran, kung ginamit ng Tagagamit na dating menor-de-edad ang AWV matapos niyang makamit ang hustong gulang, ituturing na pinagtibayan niya ang kanyang aksyon ng paggamit noong panahong menor-de-edad siya.
3. Kung mayroong napagkasunduang Indibidwal na Patakaran para sa kanyang paggamit ng AMV, kinakailangang sundin ng Tagagamit ang mga tuntuning nakasaad hindi lamang sa Patakaran ngunit pati na rin sa Indibidwal na Patakaran sa Paggamit sa kanyang paggamit ng AWV.

Artikulo 2 (Pagbabago sa Patakaran)

1. Maaaring palitan ng ASSC ang Patakaran sa kahit anong oras kung hinusgahan na kinakailangang gawin ito.
2. Mabisa ang binagong Patakaran sa oras na pinaskil ito sa naaakmang lugar sa website na pinamamahalaan ng ASSC o AWV. Ang paggamit ng Tagagamit sa AWV matapos ang pagbabago sa Patakaran ay ituturing bilang pagsasang-ayong epektibo at di-mababawi sa binagong Patakaran. Sa paggamit ng AWV, mangyaring sumangguni sa pinakabagong Patakaran kapag kinakailangan.
3. Para sa mga Korporasyon Atbp. na may naiibang paraan ng paggamit na nakasaad sa Patakaran, sila ay magkakaroon ng hiwalay na kontrata sa ASSC na naglalaman ng mga kinauukulang pagkakaiba. Ang pagbabagong ito ay ipapaalam ng Korporasyon Atbp. sa mga Tagagamit.

Artikulo 3 (Buod ng Serbisyo)

Maaaring gamitin ng Tagagamit ang mga serbisyong nakasulat sa Patakaran na inilalaan ng ASSC sa ilalim ng pangalang “AWV”. Kasama sa mga serbisyong ito ay ang pagtanggap ng konsultasyon mula sa Tagagamit, mga mungkahi, pagbabahagi ng problema, at pagbibisita para sa pagsisiyasat na nauugnay sa pinagtatrabahuhan ng Tagagamit, pagbibigay mungkahi para sa paglutas at pag-uulat sa Korporasyon Atbp., paggawa ng database, pagsusuri, pagpapaalam sa pulis, bumbero, at emergency services sa oras ng kagipitan, at pagbuo ng investigation team sa loob ng ASSC upang suportahan at matulungan ang Tagagamit. Maari ring gamitin ang iba pang serbisyong hiwalay na itinakda ng ASSC. Bukod dito, babayaran ng Korporasyon Atbp. ang lahat ng gastos para sa telekomunikasyon na kinakailangan para sa pagtanggap ng email, pagtingin sa website, at iba pang komunikasyon, na kinakailangan upang gamitin ang AWV sa mga telecommunication device kabilang ang cellphone.

Artikulo 4 (Mga Kondisyon sa Paggamit ng Genba-Wise)

1. Sa pag-rerehistro ng password para sa paggamit ng Genba-Wise, ang Tagagamit ay may responsibilidad na mahigpit na pangalagaan ang kanyang password upang hindi ito magamit ng iba nang walang awtorisasyon. Ituturing ng ASSC ang lahat ng aksyong nagawa gamit ang nakarehistrong password bilang aksyon ng mismong Tagagamit.
2. Ang Tagagamit na nag-rehistro sa Genba-Wise ay maaaring burahin ang kanilang account at umalis sa pagiging miyembro sa anumang oras.
3. May karapatan ang ASSC na itigil o burahin ang account ng Tagagamit nang walang paunang notisya kapag may hinihinalang paglabag o posibilidad na lumabag ang Tagagamit sa Patakaran.
4. Mawawala ang lahat ng karapatan ng Tagagamit sa paggamit sa Genba-Wise sa oras na binura ang account, sa kung ano mang kadahilanan. Mag-ingat dahil hindi na maibabalik ang account kahit na nagkamali sa pagbura ng account ang Tagagamit.
5. Ang account sa Genba-Wise ay pagmamay-ari ng Tagagamit lamang. Hindi maaaring ilipat, ipahiram, o ipamana ang lahat ng karapatan ng Tagagamit sa paggamit ng Genba-Wise.
6. Hindi maaaring gumawa ng mahigit sa isang personal na account sa Genba-Wise.
7. Kapag itinigil ng ASSC ang personal na account ng Tagagamit sa Genba-Wise, hindi maaaring gumawa ng bagong account nang walang pahintulot ng ASSC.

Artikulo 5 (Paglalaan ng Serbisyo)

1. Responsibilidad ng Tagagamit o ng Korporasyon Atbp. na ihanda ang kinakailangang smart device, telecommunication device, operation system, paraan ng telekomunikasyon at kuryente upang magamit ang Genba-Wise. Bukod dito, kung menor-de-edad ang Tagagamit, mangyaring gamitin ang mga kagamitang inaprubahan ng Korporasyon o ng legal na kinatawan tulad ng taong may awtoridad ng magulang upang gamitin ng Tagagamit.
2. Ilalaan lamang ng ASSC ang kabuuan o bahagi ng serbisyo ng AWV sa mga Tagagamit na natutugunan ang mga kondisyon tulad ng edad, pagtitiyak ng pagkakakilanlan, lahat ng impormasyong ibinigay ng Tagagamit upang magamit ang serbisyo (tatawaging “Nakarehistrong Impormasyon” mula rito), at iba pang kondisyong itinuturing na kinakailangan ng ASSC.
3. Titiyakin ng Tagagamit ang mga itinakdang kondisyon ng ASSC, tulad ng pangalan at nilalaman ng AWV, edad, at kinakailangang kagamitan para sa paggamit ng serbisyo, at ayon sa mga kondisyong ito, gagamitin ang AWV sa loob ng saklaw ng itinakda ng ASSC.
4. Maaaring palitan ng ASSC ang pangalan ng AWV o itakda ang saklaw ng paggamit, atbp. sa anumang dahilan nang walang paunang pagpapaalam o notipikasyon sa Tagagamit. Gayundin, maaaring i-set up, dagdagan, burahin, palitan ang nilalaman, itigil o alisin ang kabuuan o bahagi ng punsyon ng AWV.
5. Maaaring malayang gamitin ng ASSC sa loob ng ipinapalagay na kinakailangang saklaw ang lahat ng impormasyon sa AWV, kabilang ang mga konsultasyong gamit ang AWV, para sa maagang pagtuklas ng problema sa karapatan ng manggagawa at pagpapabuti sa supply chain.
6. Sumasang-ayon ang Tagagamit na kahit pagkatapos kanselahin ang rehistrasyon ng Tagagamit, maaaring panatilihin ng ASSC ang nilalaman ng konsultasyon ng Tagagamit sa loob ng makatuwirang haba ng panahon para sa back-up, archive, o pag-audit, at pananatilihin ang kopya ng archive ng rekord ng Tagagamit kung iniutos ng batas o kung kinakailangan para sa layunin ng lehitimong gawain.

Artikulo 6 (Talatanungan)

1. Maaaring hilingin ng ASSC sa Tagagamit na sumagot, bumoto, o magsulat ng kontribusyon sa format na talatanungan (Tanong), para sa pananaliksik ng katangian, kalakaran, at opinyon (tatawaging “Talatanungan” mula rito) ng Tagagamit kung kinakailangan, sa pamamagitan ng website o email.
2. Ililipat sa ASSC ang lahat ng karapatan tulad ng karapatang intelektwal na pag-aari at karapatang-ari na lalabas sa nilalaman ng kasagutan ng Tagagamit sa Talatanungan sa oras na pinadala ng Tagagamit ang sagot sa ASSC. Maaari ring gamitin ng ASSC ang impormasyong nakapaloob sa mga kasagutan ayon sa paghahawak ng Nakarehistrong Impormasyon at Personal na Impormasyon na nakatakda sa Artikulo 8.

Artikulo 7 (Pangangalaga sa Impormasyon ng Awtentikasyon at Pagbabago sa Nakarehistrong Impormasyon)

1. Pangangalagaan ng Tagagamit ng Genba-Wise, bilang kanyang sariling responsibilidad at sarili niyang bayad, ang kanyang Nakarehistrong Impormasyon tulad ng ID, password, at iba pang impormasyong kinakailangan (tatawaging “Impormasyon ng Awtentikasyon” mula rito) para sa awtentikasyon ng ASSC sa koneksyon ng Tagagamit. Hindi maaaring ipagamit sa ikatlong panig ang Impormasyon ng Awtentikasyon, ilipat, ipamana, isangla ito o gamitin ang iba pang paraan ng pamimigay nito sa ikatlong panig, o ilathala ito sa publiko.
2. Pananagutan ng Tagagamit ang pinsalang dulot ng pagkalat ng Impormasyon ng Awtentikasyon dahil sa pagkukulang ng Tagagamit ng Genba-Wise na pangalagaan ito, mga pagkakamali sa paggamit, paggamit ng ikatlong panig, di awtorisadong pag-access, atbp. Walang pananagutan ang ASSC maliban na lang kung may malubhang kapabayaan o sadya ito ng ASSC. Kung sakaling magkaroon ng pinsala sa ASSC o sa ikatlong panig dulot ng di-awtorisadong paggamit ng Impormasyon ng Awtentikasyon, pagbabayaran ang Tagagamit ang akmang halaga para sa mga pinsala.
3. Agad na makikipag-ugnayan ang Tagagamit ng Genba-Wise sa ASSC gamit ang paraang itinakda sa Patakaran kapag nagkaroon ng pagbabago sa Nakarehistrong Impormasyon, pagsisiwalat ng Impormasyon ng Awtentikasyon sa ikatlong panig, at kung hinihinalang ginagamit ng ikatlong panig ang Impormasyon ng Awtentikasyon. Bukod dito, gagawin ng Tagagamit ang lahat ng aksyong maaari upang maiwasan ang paggamit ng ikatlong panig sa Impormasyon ng Awtentikasyon, at susundin ang instruksyon ng ASSC kung mayroon nito.
4. Kung hindi gumawa ng aksyong nabanggit sa itaas tulad ng pakikipag-ugnayan ang Tagagamit ng Genba-Wise at nagkaroon ng pagkalugi nang dahil dito, walang pananagutan ang ASSC maliban na lang kung may malubhang kapabayaan o sadya ito ng ASSC.
5. Kapag hindi nakipag-ugnayan ang Tagagamit ng Genba-Wise ayon sa Sugnay 3 ng Artikulong ito, maaaring ituring ng ASSC na umalis na ang apektadong Tagagamit sa pagiging miyembro.

Artikulo 8 (Nakarehistrong Impormasyon at Personal na Impormasyon)

1. Gagamitin ng ASSC ang nakarehistrong impormasyon ayon sa mga layunin sa seksyon sa ibaba:
 - (1) Pamamahala ng operasyon ng AWW (saklaw nito ang paglalaan ng iba’t ibang uri ng impormasyon ng ASSC sa Korporasyon Atbp. o sa Tagagamit)

- (2) Paglalaan ng serbisyo ng ASSC (hindi lamang ng AWW) na itinuturing ng ASSC na may benepisyo para sa Korporasyon Atbp. o sa Tagagamit, o ng impormasyon ukol sa produkto o serbisyo ng advertiser o kasosyo sa negosyo
 - (3) Pagsisiyasat gamit ang Talatanungan para sa pamamahala ng kalidad ng AWW at pagsusuri sa mga resulta nito
 - (4) Pakikapag-ugnayan sa Tagagamit ukol sa mga bagay na may malaking epekto sa operasyon ng AWW (sakop nito ang malawakang pagbabago sa nilalaman ng AWW at pansamantalang pagtigil, ngunit hindi limitado rito)
 - (5) Pakikipag-ugnayan sa Tagagamit upang makuha ang pagsang-ayong nauugnay sa paghawak ng Personal na Impormasyon
2. Sumasang-ayon ang Tagagamit na isiwalat ng ASSC ang Nakarehistrong Impormasyon sa ikatlong panig maliban sa mismong Tagagamit para sa mga kaso sa sumusunod na seksyon:
 - (1) Pagsasama-sama at pagsusuri ng Nakarehistrong Impormasyon para sa pagpapabuti ng AWW o ng ibang nauugnay na serbisyo, o paglilinang ng nauugnay na proyekto
 - (2) Pagsisiwalat o paglalaan sa ikatlong panig ng impormasyong galing sa pagsasama-sama at pagsusuring nabanggit sa itaas, sa paraang hindi matutukoy o makikilala ang indibidwal
 - (3) Kung sumang-ayon ang mismong Tagagamit ng naturang Personal na Impormasyon sa pagsisiwalat at paggamit ng kanyang Nakarehistrong Impormasyon
 - (4) Kapag itinuring na kinakailangan ang pagsisiwalat at paggamit ng Nakarehistrong Impormasyon upang maglaan ng serbisyong hinahangad ng Korporasyong Atbp. at ng Tagagamit
 - (5) Kapag kailangan ng ikatlong panig tulad ng kasosyo sa negosyo atbp. ang Nakarehistrong Impormasyon upang maglaan ng serbisyong hinahangad ng Korporasyon Atbp. at ng Tagagamit (gayunman, hindi maaaring gamitin ng ikatlong panig tulad ng kasosyo sa negosyo atbp. ang Nakarehistrong Impormasyong inilaan ng ASSC maliban sa kinakailangang saklaw para sa paglalaan ng serbisyo).
 - (6) Pagsunod sa batas
 - (7) Kapag kailangan ito upang protektahan ang buhay, pangangatawan o pagmamay-ari ng ASSC, Korporasyon Atbp., Tagagamit o ng ikatlong panig, o ang lahat ng serbisyong inilalaan ng ASSC
 - (8) Kapag partikular itong kinakailangan para sa pagpapabuti ng kalusugang pampubliko o para sa pagtataguyod ng malusog na pagpapalaki ng mga bata
 - (9) Kapag kailangang makipagtulungan sa organisasyon ng gobyerno, lokal na gobyerno, o taong kinomisyon upang isagawa ang trabahong nakatakda sa batas, at kapag lehitimong hiniling ng mga ito ang pagsisiwalat ng impormasyon
 3. Panghahawakan ng ASSC ang Personal na Impormasyon ayon sa Privacy Policy ng ASSC.
 4. Maaring hilingin ng Tagagamit ang pagsiwalat, pagbura, pagrebisa, o pagtigil sa paggamit ng Nakarehistrong Impormasyon. Kapag nakumpirma na mayroong kahilingang mula sa mismong Tagagamit, agad itong aaksyunan ng ASSC.

Artikulo 9 (Pagtigil sa Paggamit Atbp.)

1. Kung naakma ang alinman sa mga kaso sa ibaba o kung may hinala ang ASSC tungkol dito, maaaring gumawa ng agarang aksyong itinuturing naaakma ng ASSC, tulad ng pagtigil ng kabuuan o bahagi ng AWW nang walang paunang abiso o notipikasyon sa Korporasyon Atbp. at sa Tagagamit, at nang walang pagsang-ayon ng Korporasyon Atbp. at ng Tagagamit, o pag-aabiso sa kinauukulang Tagagamit sa diskresyon ng ASSC. Bukod dito, kung hindi gumagana

ang nakarehistrong email address, ituturing na nagpadala ng abiso sa kinauukulang Tagagamit kapag ginawa ang mga aksyong ito.

- (1) Kapag nilabag ang Patakaran sa Paggamit na ito
 - (2) Kapag mayroong kasinungalingan o pagkakamali sa nakarehistrong impormasyon
 - (3) Kapag ipinalalagay na hindi gumagana ang nakarehistrong email address
 - (4) Kapag nagpanggap bilang ikatlong panig at nag-rehistro bilang Tagagamit ng Genba-Wise
 - (5) Kapag tumigil sa pagiging manggagawa o subcontractor ng Korporasyon Atbp. ang Tagagamit
 - (6) Kapag namatay ang Tagagamit
 - (7) Iba pang dahilang itinuturing ng ASSC na hindi angkop para maging Tagagamit
2. Magbabayad ang Korporasyon Atbp. sa ASSC ng bayad sa pinsala kung magkaroon ng anumang pinsala nang dahil sa mga nakasaad sa itaas.
 3. Walang pananagutan ang ASSC na isiwalat sa Tagagamit ang dahilan sa paggawa ng aksyong nakatakda sa Sugnay 1.

Artikulo 10 (Karapatang Intelektwal na Pag-aari Atbp.)

1. Pagmamay-ari ng ASSC ang lahat ng karapatang-ari (kabilang ang karapatang nakatakda sa Artikulo 27 o 28 ng Japanese Copyright Act) na lalabas mula sa mga teksto, larawan, video, program, at iba pang impormasyong bumubuo sa AWV, kabilang ang Genba-Wise, iba pang karapatang intelektwal na pag-aari, karapatang personal tulad ng karapatan sa paggamit ng sariling imahen at karapatan sa publisidad, karapatan ng pagmamay-ari, at iba pang karapatan sa pag-aari.
2. Sumasang-ayon ang Tagagamit na isalin ng ASSC at gamitin sa iba't ibang paraan ang lahat ng impormasyong isinumite, in-upload, o naka-save sa AWV (kabilang, ngunit hindi limitado sa tekstong impormasyon, larawang impormasyon, atbp.) at sa pag-save at pagtipon ng mga ito, para sa maayos na operasyon at pagpapabuti ng AWV, at publisidad ng ASSC at AWV (kasama ang mga nilalaman at artikulong pagpapakilang inilathala ng ikatlong panig sa media).
3. Sumasang-ayon ang Tagagamit na hindi gagamitin ang kanyang personal na karapatan at karapatang-ari ng taong pinayagan ng ASSC at ASSC na manahin ang kanilang karapatan.
4. Pananagutan ng Tagagamit, sa kanyang sariling bayad, ang pagresolba sa mga problema kapag nagkaroon ng paglabag ng ikatlong panig sa kanyang karapatang-ari. Bukod dito, hindi magdudulot ang Tagagamit ng kahit anong gambala o pinsala sa ASSC.

Artikulo 11 (Mga Ipinagbabawal)

1. Ipinagbabawal na gawin ng Tagagamit ang mga sumusunod:
 - (1) Kasinungalingang pahayag
 - (2) Aksyong sagabal sa operasyon ng AWV
 - (3) Paglabag sa mga karapatan at paninira sa puri at karangalan ng ibang Tagagamit, ASSC, at iba pang ikatlong panig
2. Kapag nilabag ng Tagagamit ang alinman sa mga ipinagbabawal sa itaas, maaaring humingi ng kompensasyon ang ASSC sa kinauukulang Tagagamit para sa mga pinsalang natanggap ng ASSC nang dahil sa kanyang aksyon.

Artikulo 12 (Pagtigil, Pagsuspende, at Pagwawakas ng AWW)

1. Maaaring itigil ng ASSC ang kabuuan o bahagi ng AWW dulot ng mga sumusunod na dahilan:
 - (1) Kapag regular o emergency na isasagawa ng ASSC ang maintenance at inspeksyon ng computer system na ginagamit para sa paglaan ng serbisyong AWW
 - (2) Kapag hindi posible ang operasyon ng AWW nang dahil sa emergency tulad ng sunog, kawalan ng kuryente, at iba pang likas na sakuna
 - (3) Kapag hindi posible ang operasyon ng AWW nang dahil sa digmaan, gera sibil, paghihimagsik, at alitan sa trabaho
 - (4) Kapag hindi mailalaan ang AWW nang dahil sa pagkasira ng computer system na ginagamit para sa paglalaan ng serbisyo, at impeksyon ng computer virus mula sa di awtorisadong pag-access ng ikatlong panig
 - (5) Kapag hindi mailalaan ang AWW o serbisyo para sa Tagagamit bilang aksyon sa pagsunod sa batas o ordinansa
 - (6) Kapag paunang ipinaalam ito ng ASSC sa Tagagamit sa loob ng makatuwirang panahon sa pamamagitan ng email o iba pang paraan
 - (7) Sa iba pang dahilang itinuturing na di-maiiwasan ng ASSC
2. Kapag itinigil ng ASSC ang AWW dulot ng mga nakasaad sa itaas, paunang ipapaalam ito sa Korporasyon Atbp. at sa Tagagamit sa loob ng makatuwirang panahon, sa pamamagitan ng email at iba pang paraan. Gayunpaman, maaaring magkaroon ng eksepsyon sa oras ng emergency.

Artikulo 13 (Pagtanggap sa Responsibilidad)

1. Hindi ginagarantiya ng ASSC ang legalidad, kawastuhan, pagka-akma, bisa, moralidad, at pagkakaroon ng pahintulot sa paggamit ng karapatan ng lahat ng impormasyong nilalaman ng AWW.
2. Walang pananagutan ang ASSC kapag nagkaroon ng problema sa pagitan ng mga Tagagamit at sa pagitan ng Tagagamit at ng ikatlong panig (tulad ng pamumungkahi ng aksyong ilegal o labag sa moralidad ng publiko, paninira sa karangalan, pag-insulto, paglabag sa privacy, pagbabanta, paninirang-puri, panunukso, atbp.) maliban na lang kung may malubhang kapabayaan o sadya ito ng ASSC.
3. Walang pananagutan ang ASSC sa pinsalang matatanggap ng Tagagamit dulot ng pagtigil, pagsuspende, pagwawakas at pagbabago sa AWW ayon sa Sugnay 3 ng Artikulong ito (kabilang, ngunit hindi lamang, ang pagkawala ng impormasyon atbp.) maliban na lang kung may malubhang kapabayaan o sadya ito ng ASSC.
4. Walang pananagutan ang ASSC sa anumang pinsalang dulot ng personal computer, smartphone device, mobile device, at linya ng telekomunikasyon na gamit ng Tagagamit, pag set-up ng software, o impeksyon atbp. ng computer virus. Bukod dito, maaaring ipaalam ng ASSC sa Tagagamit ang kaugnay na set-up, atbp. sa pamamagitan ng hiwalay na itinakdang paraan.
5. Bukod sa mga nakasulat itaas, hindi pananagutan ng ASSC ang lahat ng pinsalang matatanggap ng Tagagamit nang dahil sa kanyang paggamit ng AWW, maliban na lang kung may malubhang kapabayaan o sadya ito ng ASSC.
6. Ang kabuuang halagang babayaran ng ASSC bilang bayad sa pinsalang dulot ng Patakaran sa Paggamit o AWW ay hindi lalagpas sa kabuuang halagang binayad ng Tagagamit sa ASSC sa loob ng nakaraang 12 buwan.

Artikulo 14 (Konsultasyon at Korte ng Hurisdiksyon)

1. Sa panahong magkaroon ng pagdududa o problema ukol sa AWW sa pagitan ng Korporasyon Atbp., Tagagamit, ASSC, at ikatlong panig, kokonsultahin ng bawat partidong kasali ang isa't isa nang may pagtitiwala at layuning ma-resolba ang problema.
2. Ang lahat ng alitan ukol sa Patakaran sa Paggamit ay nasa ilalim ng eksklusibong hurisdiksyon ng Tokyo Summary Court o ng Tokyo District Court bilang hukumang unang dulugan.

Artikulo 15 (Namamahalang Batas)

Ang Patakaran sa Paggamit na ito ay nasasailalim sa batas ng Japan at bibigyang kahulugan ayon sa mga batas ng Japan.